

1

“Magugustuhan kaya ni Phil itong gagawin ko para sa kanya?” may hesitation na tanong ni Vivien Saavedra sa kanyang kaibigang si Marge nang kumustahin siya nito sa telepono sa gitna ng paghahanda niya para sa second anniversary nila ng nobyo. “This is the first time that I am doing something like this. I don’t know if I am doing it right...” patuloy pa niya habang paulit-ulit na inaayos ang pagkakalagay ng mga plato at kubyertos sa dining table.

“Ano ka ba? Puwede bang tigilan mo na ’yang kapraningan mo,” pangaral ni Marge who could only frown at her paranoid tendencies. “Imposibleng hindi magustuhan ni Phil ’yan. You had poured in such tremendous effort, I’m sure he would appreciate that.”

Subalit hindi pa rin ganoon kadali para sa kanya ang mag-relax. Tinikman niyang muli ang sauce ng pasta. “Parang matabang pa ‘yung sauce, do you think I should add more sugar?”

“Hay naku, Vivien! Nakailang tikim ka na d’yan kanina, di ba? Okay na ‘yan!” napapailing na nasabi nito sa kabilang linya. “Stop being too anxious, relax.

Everything will go fine.”

“Okay. Sige, I’ll relax...” pagsunod naman niya na sumandal sa kitchen counter at nag-breath in and breath out. Nagiging epektibo na sana ang kanyang ginagawa nang biglang mapukaw naman ng suot na damit ang kanyang atensyon. “Teka lang, do you remember that red spaghetti-strapped dress na binili natin a few weeks ago sa *Rustan’s*? Do you think he will like it?”

Sa kabilang linya ay napatapik sa noo si Marge sa kakulitan ng kausap. Ngani-ngani na siyang sakalin nito kung nagkataong magkaharap sila. “Wala na lang taste ‘yang boyfriend mo kapag hindi niya nagustuhan ‘yan. Perfect na perfect kaya ‘yang damit para sa ‘yo!” panigurado nito. “The red color complements your porcelain complexion and the above the knee length of the dress shows off your beautiful long legs.”

“Sana this evening will turn out to be perfect,” buong pag-asa niyang nasabi habang nagpapalakad-lakad sa loob ng kanyang condominium unit.

“It will be perfect, I’m telling you. Who knows, baka mag-propose pa si Phil sa ‘yo tonight!”

“Propose! I don’t think I would want that to happen tonight,” ang may pangamba niyang saad.

“Ha? At bakit naman?” puno ng pagtataakang balik nito. “Ikaw lang yata ang natatanging babae na naringgan ko ng ganyan!”

“I don’t think I am ready to get married right now. Alam mong career ang focus ko. Kung sakaling magpapakasal kami ngayon, magiging sobrang hirap ‘yon para sa akin at para rin sa kanya. It would be hard to manage a career and a married life at the same time so hindi ko rin maibibigay ang buong atensyon ko kay Phil at sa pagsasama namin...” paliwanag niya.

“Sus! Masyado mong pinangungunahan ang mga bagay, eh. Kapag nandoon ka na’y makakayanan mo ring i-handle ‘yan. Bakit ba ako, nagagawa kong pagsabayin ang trabaho at ang pamilya ko.”

“Hindi naman kasi ganoon ka-demanding ang trabaho mo tulad ng akin. Halos kainin na ng *Express Newspaper* ang oras ko. Ni wala na nga akong panahon para sa sarili ko. Sa tingin mo magagawa ko pa bang i-manage nang maayos ang married life ko if ever kung ganito ang sitwasyon sa trabaho ko?”

“Okay, wala na akong sinabi. Basta just relax and enjoy yourself tonight with Phil,” sabi na lamang nito bago magpaalam.

Ilang sandali matapos ibaba ang telepono ay nakarinig siya ng katok sa pinto. Sinipat muna niya ang sarili sa salamin na nasa sala at huminga siya nang malalim bago pinagbuksan ang nobyo.

“Hi, Happy Anniversary!” cheerful niyang pagbati, expecting na makakakita ng katulad na reaksyon mula sa mukha nito. Pero napansin niya na tila may bumabagabag rito na animo’y pasan nito ang mundo. “May problema ba?” hindi na niya napigilang itanong habang inilalapag ang bulaklak at tsokolateng ibinigay nito sa ibabaw ng coffee table.

“I don’t know how to tell you this...” panimula ni Phil habang sila ay nakaupo sa harap ng dining table. Hindi man lamang nito napansin ang inihanda niyang pagkain para sa kanilang anniversary.

“What is it?” naalarma niyang tanong na nararamdaman ang matinding pagkabog ng dibdib.

“I got someone pregnant...”

Hindi malaman ni Vivien kung siya ba ay tatawa o ano. “Is this some kind of a joke?” tanong niya habang naghihintay sa pagbawi nito.

Subalit nanatiling seryoso ang ekspresyon ng mukha ng nobyo. “It’s the truth...”

“Who is she?” tiim-bagang na usisa niya na pilit ikino-compose ang sarili.

“She’s someone I got to know from the chatroom three months ago... we met... and something happened...” pagtatapat na ni Phil na hindi siya magawang tingnan nang derecho sa mata.

Sumulak ang kanyang dugo sa narinig. “Chatroom! Ipinagpalit mo ang two-year relationship natin para sa isang babaeng nakilala mo sa chatroom!” hindi na niya napigilang pagtaas ng boses.

“I’m sorry, Honey—”

“Huwag mo ‘kong matawag-tawag na ‘Honey!’” sikmat niya, taas-baba ang kanyang dibdib dahil sa galit.

“I’m sorry, pero gusto kong malaman mo na ikaw talaga ang mahal ko—”

“Ako ang mahal mo, pero nakikipaglandian ka sa iba!” sumbat niya. Tila gusto niyang hilamusin sa mukha nito ang pasta na niluto niya pero nagpigil siya.

“Viv, I’m really sorry—” pilit pa rin nitong paliwanag.

“Get out!”

“Viv...” pagmamakaawa pa nito.

“Ano sa salitang ‘get out’ ang hindi mo maintindihan?”

Hindi na nagpumilit pa si Phil na amuin ang dalaga at sinunod na lamang ang kanyang sinabi. At habang naririnig niya ang pagsara ng pinto ay nakaramdam siya ng matinding sakit sa kanyang puso sa kaalamang tapos na ang lahat sa pagitan nila ng lalaki, subalit sa hindi malamang dahilan ay ni hindi niya magawang lumuha.

Standing up from her seat, hinipan niyang lahat ang kandilang sinindihan at pinatay ang CD player na nagpapatugtog ng romantic music. Pagkakuha sa bag ay kaagad siyang lumabas ng bahay.

“Ang kapal talaga ng mukha ng lalaking ‘yan! Akala mo kung sinong kaguwapuhan kung umasta. Aba, kung hindi mo lang naman ‘yan naturuang magbihis baka hanggang ngayon ay mukha pa rin ‘yang lolo!” hindi na napigilang bugso ng damdamin ni Dianne, ang bading na kaibigan ni Vivien na ang tunay na pangalan ay Dino.

Matapos umalis ng kanyang bahay ay dumerecho siya sa salon na pag-aari nito. Ibinuhos niya sa

kaibigan ang lahat ng sakit at sama ng loob na nararamdaman niya dahil sa pagtataksil ng lalaking minahal.

“Hindi ko lang masabi sa ’yo noon, pero sa totoo lang ay hindi ko maintindihan kung ano ba talaga ang nakita mo sa lalaking ‘yon na bukod sa bansot na’y panutin pa!” paglalabas na nito ng matagal nang sinasalob. “Heto ka, Manash, napakaganda, matangkad, matalino, mala-beauty queen ang dating. You can practically have any guy you want, pero... hmph! Nagtiya-tiyaga ka sa walang-kuwentang Phil na ‘yon!”

“Mabait naman si Phil, eh, bukod sa maalaga, loving, thoughtful, faithful... dati!” pag-enumerate niya sa mga katangiang nagustuhan sa dating nobyo. “Alam mo, naiisip ko nga ngayon na there must be something wrong with me kaya nagawa niya iyon. Sa lahat naman ng bagay, it always takes two to tango, di ba? Sabihin mo nga sa akin ang totoo, ano ba talaga’ng mali sa akin?”

“Ang mali lang sa ’yo ay you’re *too perfect* for him,” tugon nito habang pinupulot ang mga magazines sa sofa. “Siguro na-insecure ang lolo mo at hindi na niya kinaya ang pressures ng pagiging boyfriend mo kaya hayun, naghanap siya ng kauri niya sa chatroom!”

“Uy, pasensya na at ngayon lang ako nakarating,” bungad ni Marge na pumasok sa sarado nang salon. “Hinintay ko pa kasing makauwi si Ronnie, eh.”

“Buti naman at pinayagan kang lumabas niyang asawa mo!” napataas-kilay na nasabi ni Dianne.

Pinili ni Marge na hindi ito pansinin at sa halip ay nag-focus sa nagluluksang si Vivien. “Ano’ng problema, Friend?”

“Si Phil kasi... nakabuntis...”

“Ha? I can’t believe it! Si Phil, makakagawa ng ganoon?” shocked na shocked na bulalas nito na ang buong akala ay napaka-faithful na tao ng lalaki.

“Oo, si Phil nga, ang kuyumad na ‘yon! Nakahanap rin ng kapwa niya kuyumad sa chatroom, ayun, binuntis!” pagsagot na ni Dianne para sa kanya.

“At sinabi niya itong lahat kanina habang nag-celebrate kayo ng second anniversary ninyo?” tanong ni Marge na hindi pa rin nakaka-recover sa natuklasan.

“Hindi na namin nagawang mag-celebrate kasi pagpasok pa lang niya sa pintuan ay napansin ko na that there’s something wrong with him. Ayun, umamin na...”

“If you feel like crying, go ahead. it would be good for you...” gentle na sabi ni Marge, animo’y isang psychologist na nag-co-comfort sa pasyente.

“Gustuhin ko mang umiyak, hindi ko alam kung bakit hindi ko magawa...” naguguluhan niyang pag-amin.

“Mabuti nga ‘yon dahil masasayang lang ang luha mo para sa lalaking ‘yon! Hmph! He’s not worth it,” muling hirit ni Dianne.

“In a way, maybe this will do me good. At least, ngayon makakapag-focus na ako sa trabaho ko without feeling guilty anymore kung mawalan man ako ng oras para sa kanya,” rationalization ni Vivien. “From now on it will just be my career that is important,” sumpa pa niya.

“Alam mo, Girl, okay ‘yan na mag-focus ka sa career mo, pero huwag mo naman pabayaang rin ang love life mo. It’s still always good na meron kang kayakap sa tuwing malamig ang gabi,” pagbibigay ng opinyon ng bading na kaibigan.

“Kung ganoon lang ba kasi kadalang maghanap ng lalaking magmamahal sa akin, eh, di walang problema...” balik niya.

“Huwag kang mag-alala, ipagpe-pray kong

makita mo na ang right guy for you...” pangako ni Marge.

“Hay, maraming salamat sa inyong dalawa. Siguro nabaliw na ako kung wala kayo sa buhay ko.” With those words from Vivien, the three friends shared a tight hug.

Kinabukasan....

“Shit! This is an important day!” bulalas ni Vivien na napabalikwas mula sa sofa kung saan siya nakatulog pagkagaling sa pakikipagkita sa mga kaibigan. Alas doce na siya nakauwi noon. Kahit masakit ang nangyari noong nagdaang gabi, nakuha niyang makatulog kahit papaano dahil na rin naging relief para sa kanya ang makasama sina Marge at Dianne. Napahaba tuloy ang kanyang pagtulog, nagising siya ng 8:15 a.m. para sa kanyang nine o'clock meeting sa publication.

Usually ay isang oras siyang naliligo, pero dahil sa gahol sa oras ay natapos siya ng ten minutes. By quarter to nine, naihandanda na niya ang sarili at umalis ng bahay.

Mabuti na lamang hindi traffic kaya nagawa niyang makarating sa opisina after fifteen minutes

na pagbiyahe.

Bago lumabas ng sasakyan, tiningnan muna niya ang sarili sa salamin ng kotse, sinimulan niyang i-check ang bawat anggulo ng mukha, sinisigurong ang dirty white suit ay perpekto. Nang makitang may maliit na tutyang sa kanyang side-parted hair na malinis na nakatali ay nakaramdam siya ng pagkairita. Nang maalalang male-late na siya ay napilitan siyang kalimutan na lamang iyon at tinungo na ang building ng *Express Newspaper*

May apat na taon na ring nagtatrabaho sa publication bilang assistant features editor ang twenty-six-year old na dalaga. Nag-graduate siyang *summa cum laude* sa kursong Journalism sa *UST*. It was a four years full of blood, sweat and tears which she endured for her love of her profession. At ngayon dumating na ang araw na malalaman niya kung mabibiyayaan na ba siya ng promotion bilang kabahagi ng news division na kanyang pinapangarap magbuhat pa lamang nang unang tumuntong sa publication na iyon.

Pagkarating sa floor na kinaroroonan ng lifestyle division kung saan siya ay kasalukuyang kabahagi, nagsisimula na namang magbulungan ang mga taong nadaraan. Hindi na bago ang ganoong

scenario. Noong una pa lamang na masilayan nila si Vivien ay iba na kaagad ang dating sa kanila ng dalaga. Palibhasa maganda, matalino at mataas ang pinag-aralan ay hindi niya sinasadyang makalikha ng reputasyon na 'hard-to-reach' sa mga kasamahan. She was the type of girl that women love to hate but secretly want to become and men's ultimate dream girl but they could never have.

Noong umpisa ay asiwa ang pakiramdam niya sa iwas na pakikitungo sa kanya ng mga kasamahan. Kaya naman pinilit niyang makipaglapit sa mga ito, subalit nalaman niyang nakikipagplastikan lang pala sila sa kanya. Magbuhat noon ay inilayo na niya ang sarili na siyang nagbunsod sa katawagang 'Ice Queen' mula sa mga ito.

“O, ayan na si Ice Queen, paraanin n’yo...”

“Bakit para yatang ang panget niya ngayon?”

“Himala, hindi yata plantsado ang buhok!”

Pilit na lamang nagpakataingang-kawali si Vivien dahil alam niyang hindi siya maaaring magpaapekto sa mga ito. *Relax, Vivien. Huwag kang mag-alala, malapit ka na ring mawala sa lugar na 'to. Pag nasa news division ka na'y wala na ang mga ganitong tao sa paligid mo, pagpapalakas niya ng loob habang*

papaupo sa upuan nang marating ang kanyang cubicle.

Habang inaayos ang organisado na ngang lamesa ay napadaan ang kanyang mga mata sa framed picture nila ni Phil na naka-display roon. Kinuha niya iyon at inilagay sa pinakailalim na kahon ng lamesa

“Lovers’ quarrel or separated for good?”

“Separated for good...” pagsagot niya kay Monet Sanchez, ang features editor, na noon lang niya namalayan na nakatayo na pala sa kanyang harapan. Sa lahat ng mga kasamahan sa division, tanging ito lamang ang kanyang nakakasundo.

“Oh, I’m sorry...” nasabi nito. “Pero hindi ba ang sabi nila ang taong malas sa love life, suwerte sa career. Malay mo sa ’yo mapunta ‘yung position sa news division.”

“Ayoko mag-expect; mahirap mabigo...”

“Sus! Okay lang mag-expect, ‘no! Wala namang sinabi sa ’yo ‘yung mga kakompetensya mo, eh!”

“Let’s not be overconfident, baka ma-jinx,” paalala niya.

Ilang sandali pa ay nilapitan na sila ng isa sa mga writers na nagsabing magsisimula na ang meeting sa

conference room. Dali-dali namang napapunta ang magkaibigan with Vivien starting to feel her heart racing fast.

Halos lahat ng mga big bosses ng publication ay naroroon sa conference room upang i-announce ang mga napagdesisyunang promotions. When the position for assistant news editor was called, Vivien felt her palms getting sweaty due to much anxiety.

“...is Mr. Christopher Pineda...” pag-announce ng editor-in-chief na si Bart Zalameda.

“Sino si Christopher Pineda?” nadismayang tanong ni Monet kay Vivien matapos itong mapaharap sa kanya sa labis na pagkabigla.

“E-ewan ko...” wala sa sariling balik ng dalaga. Hindi maikakailang nakaramdam din siya ng matinding disappointment dahil hindi sa kanya napunta ang position na iyon sa news division.

“I know hindi familiar sa inyo ang pangalang Christopher Pineda, but this guy graduated *summa cum laude* in Journalism from the prestigious *New York University* kaya naman it is a great honor for us to have such a highly accomplished man to be a part of our newspaper,” pahayag ng editor-in-chief na kasalukuyang nakatayo sa harapang bahagi ng

silid. “Mr. Christopher Pineda, can you join me here, please...”

Sumunod naman ang bagong manunulat na siyang nagbigay ng mga ilang salita. “...You can call me ‘Topher.’ It’s an honor for me to be a part of a widely-read, highly credible newspaper like *Express...*”

“In fairness, ang guwapo niya at eloquent speaker pa. Impressive!” hindi na napigilang paglabas sa bibig ni Monet. Nang ma-realize kung sino ang kausap ay kaagad nito iyong binawi. “Pero alam mo, unfair pa rin. Biruin mo, siya na bagong pasok pa lang ay binigyan na kaagad ng position ‘tapos ikaw na apat na taon nang nagpapakahirap sa diyaryong ‘to ay nakalimutan nila!”

“Pabayaan na natin, maybe he’s really good kaya sa kanya ibinigay ang position,” pagtanggap na rin niya at pinanood na lamang si Topher habang abala ito sa pagpapasalamat sa mga nag-co-congratulate dito. *Kelan kaya darating ang panahon ko na ma-promote?*

“Hoy, Bakla! Nakita mo ba ‘yung bagong assistant news editor natin? Nakakaloka! Artistahin ang

dating!” kinikilig na nasabi ng writer na si Michie matapos masilayan si Topher.

“Oo, at ang galing pa magsalita!” pagsang-ayon ng kasamahan nitong si Hannah.

“*Summa cum laude* raw from NYU. Tinalo ang Vivien na ‘yan! Buti nga!” may vindicated na komento nito habang papaupo sa cubicle nito.

Ang hindi nila alam ay paparating si Vivien at narinig ang lahat ng kanilang nasabi. Dahil na rin sa mababang morale ay madali siyang kinapitan ng pagkaasar. “Ano ba’ng problema ninyo? Bakit ba ayaw ninyo akong tantanan?”

“Puwede ba, huwag mong ibunton sa amin ang mga frustrations mo! Wala kaming kinalaman sa hindi pagkakapili sa ‘yo para sa posisyong pinakaaasam-asam mo!” mataray na balik ni Michie na ngayon ay tumayo upang harapin ang matangkad na babae.

At doon na nagsimula ang word war sa pagitan ni Vivien at nina Michie at Hannah. Sa gitna ng ingay nila ay dumating si Monet at nagawa siyang ilayo bago pa man sumabog ang malaking away sa loob ng kanilang division.

“Vivien, ano ba’ng nangyayari sa ‘yo?” disgusted nitong tanong matapos siyang dalhin sa opisina nito.

“This is so out of your character!”

“I’m sorry, hindi ko napigilan ang sarili ko. Sobra na kasi ang mga ‘yon, eh. Wala nang ginawa kundi pagchismisan ako,” paliwanag niya habang hindi pa rin nilulubayan ng galit.

“Bakit mo pa pinatulan? Alam mo namang walang-kuwenta ang mga taong ‘yon.”

“I’m really sorry. I completely lost it,” buong pagsisisi niyang nasabi after finally realizing how stupid she had acted. “I’m sorry, this won’t happen again.”

“Alam mo mabuti pa siguro umuwi ka na lang muna. You’ve been under too much stress lately, magpahinga ka na lang...” suggestion nito na hindi maiwasang mabahala sa kaibigan.

“But I still have an article to finish,” pagprotesta niya.

“Hindi mo pa naman deadline ngayon, just leave it for tomorrow,” giit nito.

Hindi na kumontra pa si Vivien at sinunod na lamang ang sinabi ng superior. “Pasensya ka na ulit sa nagawa ko...” muling paghingi niya ng tawad bago nilisan ang opisina nito. Ilang sandali pa’y lumalabas

Promise Me Love - Terri Dizon

na siya ng building.

2

“So, kumusta sa *Express Newspaper*? How’s the environment?” pangungumusta ni Sid matapos sunduin ang nakatatandang kapatid sa publication.

“Okay, warm naman ang reception nila sa akin,” pleased na pahayag ni Topher. “I can’t wait to start working,” dagdag pa niya habang nagsisindi ng sigarilyo.

“Bakit ba bigla mo na lang naisipang bumalik at dito magtrabaho?” curious na tanong nito na hanggang ngayon ay hindi pa rin lubusang maunawaan ang naging desisyon ng kuya. “Nasa New York ka na, and with your brilliant academic credentials, hindi mahirap para sa ‘yo na pumasok sa major newspapers doon like *New York Post*...”

“Kahit gawin ko ‘yon hindi ko rin mararamdaman ang satisfaction. Iba pa rin talaga kapag nagsusulat ka para sa bayan mo, it’s more personal and more significant...”

“Hindi ka pa rin talaga nagbabago, makabayan ka pa rin,” napapailing na komento ni Sid. “Kumusta naman ang mga chicks sa Amerika? Siguro nagbilang

ka ng mga babae doon, ‘no?’”

“Hindi naman. I only had two serious relationships at parehong nagtagal ‘yon. Alam mong hindi ako ‘yung tipong mahilig makipag-fling. Seryosong tao ‘tong kuya mo baka nakakalimutan mo.”

“Oo nga pala, ako ‘yung chickboy sa ating dalawa,” pag-amin na rin nito. “So, bakit kayo nag-break ng huli mong girlfriend?”

Nagkibit-balikat si Topher. “I don’t know. I guess hindi pala talaga siya ‘yung babaeng hinahanap ko...” tugon niya.

“Bakit? Anong klase ba ‘yung babaeng hinahanap mo?”

“I know I’m a writer and I’m supposed to be good with words, but for some strange reason I couldn’t exactly put into words my answer to that question of yours. Basta malalaman ko na lang ‘yon kapag nakita ko na siya.”

Napakamot pa sa ulo ang kapatid. “Sus! Ang hirap talaga kapag masyadong matalino ang isang tao, napakaraming hinahanap! Baka mamaya maging matandang binata ka n’yan, Bro!”

“Ah, ‘yan ang hindi mangyayari dahil malakas

ang pakiramdam ko na parating na siya...” buong kumpiyansang pahayag niya na itinapon sa kalsada ang paubos na ring sigarilyo.

“Who knows, baka sa *Express* mo pa makilala ang babaeng ‘yan na hinahanap mo...”

“Maybe. Hindi ko pa rin naman nakikilala ang mga makakatrabaho ko. One of these days I’ll find that out...” May ngiting sumilay sa mukha ni Topher nang sabihin iyon.

Matapos magpalipas ng buong araw sa bahay ni Marge ay umuwi si Vivien na nararamdaman na ang pagbabalik ng matinding kalungkutan. Greeted by her pet cat Boots, she stooped down to cuddle it lovingly. Sumasayaw-sayaw ang buntot ng hayop habang tila nagkakandahaba ang leeg nito dahil sa magiliw na paghaplos niya roon. “Did you miss me?” malambing niyang tanong na animo’y isa itong taong nakakasagot. Carrying it like a precious baby ay nagpunta siya sa kusina at nagsalin ng alak sa baso. Dinala niya iyon sa terrace kung saan ay dinaan na lamang niya sa inom ang kalungkutan.

“Come to think of it, Boots, masuwerte pa rin ako dahil kahit hindi maganda ang atmosphere sa work

ko, at least, may trabaho pa rin ako, di ba? And at my young age of twenty-six, I am already the assistant features editor.”

Natigil lamang ang pakikipag-usap ni Vivien sa kanyang pusa nang may marinig na katok sa pinto ng unit. “O, Donna, ikaw pala, tuloy,” paanyaya niya sa kapitbahay na naging malapit na rin niyang kaibigan. “Wine?” pag-aalok niya.

“Hindi na. Alam mo namang mabilis akong malasing baka hindi na ako makaabot sa flight ko,” pagtangi nito habang umuupo sa sofa.

“Bakit? Saan ka ba lilipad ngayon?” tanong niya. Isang international flight attendant si Donna.

“Sa Las Vegas, but I will not be working tonight, I’ll be a passenger for a change. Ime-meet ko kasi doon ‘yung fiancé ko para doon na rin kami magpapakasal.”

“Fiancé! Bakit? Nagkabalikan na kayo ni Warren?” na-excite niyang tanong pagtukoy sa dating nobyo nito na hiniwalayan a couple of months ago.

Umiling ito. “Hindi si Warren. It’s a different guy. He’s an American banker that I’ve met on my flight to Chicago,” pag-inform nito.

“Kelan naman kayo nagkakilala?”

“Two months ago...”

“Two months ago and now you’re already marrying him?”

“We’re in love...” kibit-balikat na sagot nito na animo’y lumulutang sa ere.

“Pero hindi ka ba natatakot? Two months is not enough time to get to know him better and he’s a foreigner, iba ang culture nila. You are practically jumping into the unknown!”

“Eh, kaya nga exciting, di ba? My married life will be a one big adventure with something to discover from each other everyday,” katuwiran nito.

“Ibang klase ka talaga, I wish I can be as brave as you who will be willing to step into the unknown.”

“Hindi talaga ako ganito noon. I just developed it after I learned to let go of my inhibitions, my fears,” pagtatapat nito. “Try to do the same little by little and you’ll see how happy your life can be.”

“Okay, I’ll keep that in mind,” sinsero niyang sinabi, sabay nagsalin muli ng wine sa kanyang glass. “So, malamang kapag kasal na kayo ay hindi ka na dito titira.”

“Uhm... yeah. I will be living with him in Chicago

Kaya igi-give up ko na ‘yung unit ko next door.”

“Ang ibig sabihin iiwan mo na rin ako...” nalulungkot na naman na saad ng dalaga na ang pakiramdam ay isa-isa nang nawawala ang mga taong mahalaga sa kanyang buhay.

“We can always communicate pa rin naman, ano ba’ng ginagawa ng computers?” mangiyak-ngiyak nang tugon nito, sabay napayakap sa kanya.

Hindi nagtagal ay nagpaalam na rin si Donna at sa pagsara ni Vivien ng pinto ay muli niyang naramdaman ang kabigatan ng kalooban. “Paano ba ‘yan, Boots, mukhang tayo na nga lang talaga ang magiging magkasama rito...” muli niyang pagkausap sa alaga na kinuha niya mula sa pagkakahiga nito sa ilalim ng dining table.

Together, they sat on the carpeted floor where Vivien took consolation in the numbing effects of the alcohol. Hanggang sa hindi na niya napansin na naubos na pala niya ang buong bote ng alak na nagpatulog sa kanya sa sahi.

“Topher, Topher, don’t you have work today?”

Nang marinig ang pagtawag at pagkatok ng ina

ay napabalikwas sa kanyang higaan si Topher. “Yes, Mom, I’m awake!” balik niya habang papatakabong tinungo ang banyo. Today is practically his first official day at work at mayroon lamang siyang thirty minutes para makarating sa publication on time.

Taking just ten minutes to take a bath and prepare himself ay mayroon pa siyang twenty minutes para makarating sa trabaho, subalit naharang siya ng ina sa dining table.

“Hindi ka man lang ba kakain, Hijo?” concerned na tanong ni Mrs. Romina Pineda.

Dahil hindi na nais na mag-alala pa ang ginang ay pinagbigyan na ito ni Topher na sinaluhan ang mga magulang sa kanilang agahan.

“So I heard you’re moving into your new pad by tonight,” banggit ni Mr. Orestes Pineda na nakaupo sa kabisera ng lamesa.

“Yeah, Dad, I am. It’s already fully-furnished kaya wala na rin akong kailangan pang problemahin,” pag-inform niya habang tinutusok ng tinidor ang hotdog.

“Sana naman, Hijo, the next time you’ll move into a new place ay mayroon ka nang kasamang asawa. Para naman habang malakas pa kami ng daddy mo, we’ll get to enjoy our apo with you,” pagpaparinig

ng ina.

“Oo nga, ang kapatid mo ay sinundan na kaagad si Brylle, two months nang buntis si Lani ngayon,” pagsang-ayon naman ng ama.

“Nasabi nga sa akin ni Sid,” ang tanging tugon ni Topher who was becoming conscious of the time. “I’d really love to chat, but I’m gonna be late. Don’t worry, we’ll continue this tonight. Dito ako magdinner bago ako lumipat sa pad,” pangako niya bago nilisan ang bahay na kinalakihan.

Pagsakay sa kotse ay napatingin siya sa relo. “Ten minutes... I’ll be able to get there!”

For two straight days, nahanap ni Vivien ang sarili na nagigising sa kanyang sala with barely enough minutes left to prepare for her work.

Tulad na lamang ng nangyari noong nakaraang araw, nagawa niyang makarating with just a few minutes left before her meeting with her superiors. Pagkarating sa parking lot, nakita niyang puno na iyon.

“Mukhang malas yata ako ngayon, ah,” naalarna niyang nasabi sa sarili nang biglang magingning ang

mga mata matapos makita ang nag-iisang bakanteng puwesto sa dulo ng open parking lot. Making her way for it, she stepped on the accelerator and drove ahead para magawang maniobrahin ang sasakyan upang maipasok niya iyon nang patalikod. But as she was carefully measuring the distance and the space ay hindi niya namamalayan na mayroong isang itim na *Honda Civic* ang nakauna sa kanya sa slot.

Nang huminto siya at lingunin kung sino ang Pontio Pilato na umagaw ng kanyang spot ay nakita niyang lumalabas ng kotse si Topher na mukhang nagmamadali na halos patakbo pang tinungo ang building.

“Shit! Inagawan mo na nga ako ng posisyon sa *Express*, pati ba naman dito sa parking lot ay aagawan mo pa rin ako?”

Nakahinga nang maluwag si Vivien nang sapitin niya ang conference room. Mabuti na lamang at Filipino time ang pinaiiral ng kanyang mga superiors dahil pagkarating sa silid na iyon ay wala pa ang mga heads ng kanilang diyaryo.

“O, don’t tell me hindi pa rin malamig ang ulo mo,” may pangambang bulong ni Monet na kanyang

katabi sa huge oval boardroom table.

“I’m fine,” maikling tugon niya habang binubuksan ang bag at inilalabas ang mga kinakailangang gamit para sa meeting.

“Eh, bakit nakasambakol ‘yang mukha mo d’yan?!”

“Kasi may buwisit lang naman na sumira ng araw ko!” aniya na nakasimangot pa rin.

“Sino na naman? Sina Michie ba?” pagsusubok nitong tukuyin. “If they won’t stop, I could recommend some disciplinary action for—”

“No, it’s not them,” mabilis na pagtatama niya. “Si Topher Pineda.”

“Si Topher Pineda? Bakit, ano’ng ginawa niya sa ‘yo?”

“Hinaan mo naman ‘yang boses mo, please,” pakiusap niya matapos ma-carried away ang kaibigan.

“Sorry na... so ano nga’ng ginawa sa ‘yo ni Topher? Did he sexually harass you? Kung ako ‘yon, mag-e-enjoy ako!” may kilig pang bulong nito.

“Loka-loka, hindi ganoon! He stole my parking space kanina, eh, nagmamadali pa naman ako.”

Napatampal sa noo ang features editor. “Sus! ‘Yon lang pala, akala ko naman kung ano na ang ginawa niya sa ‘yo.”

“Anong ‘yon lang pala’? When you are in such a hurry, it does matter a lot! Tingnan ko—”

“Speaking of the hot devil...” pagpuputol sa kanya ni Monet who spoke in between clenched teeth nang mapansing papasok si Topher sa loob ng silid.

Biglang natahimik ang buong kuwarto na kanina lamang ay maingay sa mga sari-saring kuwentuhan mula sa mga naroroon na karamihan ay kababaihan. Pero tila wala namang kamalay-malay ang binata sa atensyong nakukuha habang naglalakad ito patungo sa bakanteng upuan sa tabi ni Vivien na biglang napataas-kilay kay Monet na binigyan naman siya ng teasing smile.

Sitting stiffly on her chair, sinimulan niyang i-organize ang notebook sa kanyang harapan katabi ng kanyang red, black and blue ballpens na kulang na lamang ay i-measure pa niya ang distansya sa isa’t isa.

Kung kailan kontento na siyang makita ang maayos niyang mga gamit ay siya namang walang paalam na pagkuha ni Topher sa kanyang blue ballpen. “Pahiram, ha,” saad nito habang sinisimulan

nang ipangsulat sa kanina pa tila pinag-aaralang notebook.

Ngayon hindi na nakapagpigil si Vivien. “Ganyan ka ba talaga? Basta ka na lang nangunguha ng gamit na hindi naman sa ’yo?”

Dito siya napansin ni Topher na sa wakas ay nagawa na ring alisin ang mga mata mula sa binabasang notebook. “Pero... nagpaalam naman ako, di ba?”

“Hindi ka nagpaalam,” diin niya na hindi namamalayang pinagtitinginan na sila ng mga kasamahan. “Dahil ang tunay na nagpapaalam ay nagtatanong muna bago niya kinukuha ang hinihiram niya. Eh, ikaw, kinuha mo na ang ballpen ko bago ka nagsabi!”

“I’m sorry, I didn’t mean to... steal your ballpen...” pilit na pagpipigil nito sa pagtawa sa kababawan ng nangyayari.

Dahil sa pagnanais na hindi na humaba pa ang argumento ay sumingit na si Monet. “Here, take my ballpen,” pag-offer nito matapos ibalik ng bagong assistant news editor ang ballpen kay Vivien.

“Thanks...” balik ni Topher na sadyang hindi pa rin mapaniwalaan ang nangyari.

In the meantime, binulungan naman ni Monet ang subordinate. “Ikaw, ha, sobra ka na. Watch your temper!”

Doon lamang kumalma si Vivien na unti-unti nang nararamdaman ang kahihiyan especially matapos niyang mapansin ang mga tingin at bulungan ng mga taong nakapaligid sa kanya. Again feeling so stupid, she started to get mad at herself. *Ano na ba’ng nangyayari sa ’yo, Vivien? Are you going nuts?*

Dahil sa pagkaabala sa pakikipag-usap sa sarili ay hindi niya namalayan na dumating na pala ang kanilang editor-in-chief at kanina pa sinimulan ang meeting. “For you, Vivien... I would like you to do a feature on the socialite Mimi Fuentes...”

Kung hindi pa siya siniko ni Monet sa kanyang tagiliran ay hindi pa siya matatauhan. “Hoy! Naintindihan mo ba ‘yung sinabi sa ’yo?”

“Huh?” wala sa sarili niyang balik.

“You’ll be doing daw a feature on the socialite Mimi Fuentes,” bulong nito sa kanya.

“Is there a problem, Vivien? Kanina ko pa napapansin you look kind of lost... okay ka lang ba?” concerned na tanong ng editor-in-chief matapos mapuna ang komosyon sa pagitan nila ni Monet.

“Uhm... yes, Sir...okay lang po ako,” panigurado niya as she tried her best to gather her senses.

“Okay, moving on, Mr. Pineda, you will be doing an exposé about the selling of kidneys that are happening in some hospitals in Quezon City...” pagbibigay naman nito ng assignment sa lalaking nasa kanang bahagi ni Vivien.

Nang marinig iyon ay hindi niya maiwasang makaramdam ng inggit. Matagal na siyang interesado sa topic na iyon, pero hindi niya iyon maisulat dahil hindi naman siya bahagi ng news division. *Kung hindi lang dumating ang buwisit na lalaking ‘to, sa akin dapat ang topic na ‘yan, eh!* ang may pagngingitngit niyang isip.

Natapos na rin ang meeting. Nakahinga siya nang maluwag at magagawa na rin niyang bumalik sa puwesto upang tapusin ang naiwang article noong nakaraang araw. Subalit hindi pa man siya nakakalabas ng conference room nang biglang lumapit sa kanya si Topher.

“Uhm... Gusto ko lang malaman besides sa pagkuha ko ng ballpen mo nang walang paalam kanina, ano pa ba ang naging kasalanan ko sa ‘yo? I’m asking you that ‘cause I feel like ‘yung galit mo sa akin goes beyond that ballpen.”

“Well, ninakaw mo lang rin naman ‘yung parking space ko kanina habang naghahanda na akong mag-reverse,” pagpapaalala niya ng naging kasalanan nito.

“Ah, ‘yun ba?” ang tanging nasabi nito na hindi naiwasang matawa sa kababawan ng ipinagmamaktol ng dalaga. “I’m sorry, hindi ko kasi napansin na magpa-park ka pala. Kung alam ko lang, hindi ko na kinuha ‘yung space mo.”

Feeling insulted with the way he was reacting, mas lalo pang kumulo ang kanyang dugo. “Alam mo, kung ganyan ka lang rin naman humingi ng tawad, mabuti pa sana hindi mo na lang ginawa!” Pagbitiw sa mga salitang iyon ay kaagad na tumalikod si Vivien at lumabas ng silid, leaving the guy even more confused than ever.

3

Matapos ang tension-filled na araw sa trabaho ay niyaya ni Vivien ang mga kaibigan na mag- dinner sa labas upang kahit paano ay makapag-unload siya ng mga galit at inis sa mundo.

“Now I understand kung bakit mo kami nilibre para mayroong makikinig d’yan sa mga kunsumisyon mo sa buhay habang pinalalamon mo kami,” napapailing na nasabi ni Dianne habang isinasawsaw ang California maki sa isang maliit na bowl na may wasabi sauce..

“Pagtiyagaan n’yo na ako, alam n’yo namang kayo lang ang mga kaibigan kong mahihingahan ko ng mga sama ko ng loob,” pakiusap niya.

“Okay lang ‘yan kaya nga tayo naging magkakaibigan para magdamayan sa isa’t isa...” puno ng understanding na hayag ni Marge habang ine-enjoy ang in-order na shrimp tempura.

“Ewan ko ba, lately ay napapansin kong hindi ko na makontrol ang temper ko at pinagpapapatulan ko ‘yung mga taong dati ay natitiis kong huwag pansinin,” pag-amin niya.

“Kulang ka lang sa sex kaya ka nagkakaganyan!” hirit ni Dianne.

“Ano ka ba? Ang ingay-ingay mo, nakakahiya baka mamaya sabihin pa nila na mga bastos tayo,” napapraning na pagbabawal ni Vivien habang lumilinga-linga sa mga taong nakapaligid sa kanila sa loob ng Japanese restaurant na iyon.

“Pabayaang mo sila kung ano’ng gusto nilang isipin, eh, ‘yun naman talaga ang totoo!” malditang pahayag nito habang sinusubo ang pangatlong maki, sabay layo na niyon sa sarili. “O, sa inyo na lang, nagda-diet ako, eh.”

“Dapat lang at lumalaki na ‘yang bilbil mo!” pang-aasar ni Marge habang kinukuha ang natira nitong maki.

“Aba, nagsalita ang sexy! Tingnan mo nga ‘yang sarili mo sa salamin, para kang balyena, iisa pa lang ang anak mo pero mukha ka nang nanganak ng tatlong beses!” ganti ng bakla.

Habang pinanonood ni Vivien ang pagpapalitan ng pang-aasar ng dalawa sa isa’t isa ay hindi niya naiwasang matawa.

“Sa wakas, narinig na rin natin ang tawa ng lola mo!” bati ni Dianne na mahinang pumapalampak.

“Ayan, ganyan lang. Tigilan mo na ‘yang kakakunsumi mo sa mga kung ano-anong bagay. It’s not good for you, tatanda ka lang!” pagpuna rin ni Marge na tulad ng bading ay masaya rin na napaligaya nila ang nalulungkot na kaibigan.

“Sulit na sulit talaga ang ipinanglibre ko sa inyo. You’re making me so happy!” saad niya.

After that wonderful dinner she had with her friends ay umuwi na si Vivien sa kanyang tirahan at as usual ay sinalubong siya ng kanyang alaga. “Hello, Boots. Did you miss me?” cheerful niyang pagbati.

Kahit paano ay mas maayos na ang kanyang lagay ngayon kumpara noong nakaraang mga gabi na ang pakiramdam niya ay kailangan niya ng alcohol para lunurin ang kanyang kalungkutan. Ngayon imbis na alak, lemonade ang kanyang inihanda para sa sarili.

Nang maiayos ang sarili sa sofa katabi ni Boots, habang nanonood ng TV ay may bigla siyang narinig na komosyon sa katabing unit na dating inuupahan ni Donna. Excited siyang napatayo mula sa sofa at tiningnan kung nagbalik na nga ang kaibigan.

“You’re... you’re Vivien, right? From *Express*?” pagkilala sa kanya ni Topher na biglang natigilan

sa pagpapasok nito ng mga maleta sa loob ng unit. Nakita kasi nito ang dalaga na lumabas mula sa pinto ng katabing unit.

“A-ako nga...” halos magkandautal niyang tugon na hindi nagugustuhan ang nakikita. “What are you doing here?” hindi na niya napigilang usisa habang nagdarasal na hindi sana totoo ang kanyang hinala na ito ang magiging bagong kapitbahay.

“I will be your new neighbor,” cool na cool namang sagot nito.

“Oh no!” ang hindi na niya naiwasang kumawala mula sa mga labi.

“Mukhang masayang-masaya ka sa paglipat ko, ah,” pabiro na lamang nitong nasabi as he sensed her disgust over his arrival.

“Halata ba?” sarkastiko niyang balik, sabay pairap na tumalikod at bumalik sa loob ng kanyang tirahan.

Closing her door, nanggigigil na napasandal siya roon.

Buwisit!

“You wouldn’t believe who my next-door neighbor is,” bungad ni Topher nang tawagan ang kapatid.

“Sino? Si Angelina Jolie?” biro nito.

“Hindi, mas mabagsik pa kay Angelina Jolie, si Vivien!”

“At sino naman si Vivien?”

“Yung ikinukuwento ko sa ’yo kanina na praning na babaeng inaway ako dahil kinuha ko raw ‘yung ballpen niya nang walang paalam at inagawan ko raw siya ng parking space,” pagpapaalala niya habang nililibot ang buong unit, checking out its every nook and cranny.

“Naku, patay tayo d’yan!” napapalatak na tugon ni Sid. “Eh, ano naman ang naging reaksyon niya noong malaman niyang magkapitbahay kayo?”

“Ayun, napa-Oh no! ‘Tapos inirapan ako’t tinalikuran!’” napapatawang kuwento niya.

“Ano ba talaga ang problema sa ’yo ng babaeng ‘yan at gan’on na lang ang galit niya sa ’yo?” curious na tanong nito. “Baka naman naging chick mo dati ‘yan na basta mo na lang iniwan nang magpunta ka sa States.”

Umiiling-iling siya maski hindi nakikita ng

kausap. “I don’t think so, tandang-tanda ko pa ang bawat babaeng naugnay sa akin and she was never one of them. In fact, ngayon pa lang kami nagkita nito sa *Express*.”

“Kung ganoon baka sadyang suplada lang or baka man-hater dahil iniwan ng boyfriend.”

“Puwede!” pagsang-ayon niya. “And she’s venting it out on poor guys like me.”

“Hindi ka ba nawe-weird-uhan sa mga nangyayari?”

“What do you mean?” napakunot-noo niyang tanong habang papaupo sa sofa.

“Tingnan mo, of all the people na makakabangga mo, bakit siya pa? At sa dinami-rami rin ng pupuwede mong maging kapitbahay, siya pa ang ibinigay sa ’yo! Can’t you see? She might be your destiny.”

“Don’t tell me you believe that destiny crap! Ang corny mo, Bro!”

“Okay, corny na kung corny pero kapag tinamaan ka na ng malupit, you will understand what I’m saying.”

“Okay, fine, maybe I will,” napapailing na saad ni Topher na hindi magawang seryosohin ang sinasabi

ng kapatid.

“Teka nga muna, ano ba’ng hitsura ng babaeng ‘to?” pag-inquire nito.

“Well... sa aspetong ‘yan, hindi ko maide-deny na maganda siya. In fact, she’s so beautiful na puwede mo siyang ipanlaban sa *Miss Universe*, pero malas lang kasi mukhang may tama ... may pagka-aning-aning!”

“Naku, Bro! Madali na lang ‘yan. Maybe all she needs is love which you can generously give...” pa-dramatic effect pa na turan nito.

“Ah, parang imposible yata ‘yan. Sa tuwing makikita na lang niya ako’y parang gusto niya akong burahin sa mundo. Medyo natatakot nga ako baka sa ginawa kong paglipat rito ay hinanap ko na rin ang katapusan ko.”

“Ikaw yata ang aning-aning d’yan, eh, kung ano-ano ang pinag-iiisip mo!” ganti nito. “Basta ang masasabi ko lang sa ‘yo, open yourself to all possibilities. Who knows, baka siya na pala ang babaeng matagal mo nang hinahanap....” Pagbitiw sa mga salitang iyon ay nagpaalam na si Sid, leaving Topher alone with his thoughts.

“Dianne! I must be cursed!” bungad ni Vivien nang tawagan niya ang kaibigan sa cellphone nito.

“Ano na naman ba’ng problema mo? Hindi ba kanina lang okay ka na?”

“Eh, paano ako magiging okay kung ang lumipat sa dating unit ni Donna ay ‘yung Topher Pineda na ‘yon!”

“Yung sinasabi mong umagaw sa dapat ay puwesto mo?” paniniguro nito.

“Oo, siya na nga!” pagkumpirma niya habang binubuhat si Boots at dinadala sa verandah. “Buwisit! Bakit ba ako inaabot-abot ng kamalasan ngayon?” angal niya.

“Ikaw kasi masyado kang nega kung mag-isip kaya tuloy naa-attract mo ang negative vibes!” sermon nito.

“Ano ba’ng magagawa ko, eh, sa wala talaga ako makitang positive sa buhay ko ngayon. Tulad ng paglipat ng Topher Pineda na ‘to sa katabing unit ko, anong positive sa tingin mo ang maibubunga nito?” pagde-demand niya.

“Who knows, baka siya na ang guy for you!” hirit nito.

“Hay naku, that’s totally impossible!” diin niya na iniisip pa lamang ang sinabi nito ay kinikilabutan na siya.

“Ayan ang sinasabi ko sa ’yo, masyado kang negatibo. Wala pa ngang nangyayari, eh, pinangungunahan mo na!” bulalas nito. “Basta, Girl, relax ka lang, stop being too judgmental and give others the chance to show who they truly are...” payo nito. “O, siya, hanggang dito na lang po at kanina pa ako hinihintay ng kasama ko. Vavoo!”

Matapos ibaba ang wireless phone sa ibabaw ng ledge ay niyakap ni Vivien si Boots na animo’y ito na lamang ang natatanging kakampi niya sa mundo. “Bakit ba ang saklap ng buhay ko?” pagkausap niya rito. “Ikaw ba, Boots, masaya ka ba sa buhay mo? O nalulungkot ka rin tulad ko?”

“Kahihiwalay mo lang sa boyfriend mo, tama ba ako?”

“Excuse me?” buong pagkabigla niyang balik kay Topher na hindi niya namamalayan ay nakatayo rin pala sa sarili nitong terrace.

“Sabi na nga ba kahihiwalay mo lang sa boyfriend mo,” napapailing nitong nasabi habang nakatanaw sa mga naglalakihang buildings sa Makati.

“And what makes you say that?” singhal niya.

“For one, you own a pet cat at karamihan sa mga kahihiwalay lamang na kakilala ko, they get a pet para naman kahit paano ay hindi nila maramdaman ang pag-iisa nila. Doon nila idina-divert ang affection na hinding-hindi na nila maibibigay sa mga dating minamahal nila...”

“And what are you now? A relationship guru?”

“No, I’m just a keen observer,” pagsagot nito in that trademark cool manner of his.

“Keen observer...” pabulong-bulong pang pag-uulit ni Vivien na sadyang hindi matanggap ang pakikialam ng estranghero sa kanyang buhay.

“And besides, that you also possess that angst... para bang masyadong malaki ang galit mo sa mundo lalo na sa mga lalaki at ibinubunton mo iyon sa mga inosenteng tulad ko,” dagdag pa nito.

“Of course not! At ano’ng ini-imply mo, man-hater ako?” defensive na balik niya.

“Well, ikaw ang nagsabi niyan, hindi ako,” nakangising ganti nito.

“You’re such a jerk!” galit na galit niyang sigaw, sabay pasok sa loob kung saan niya ipinagpatuloy

ang pagwawala. “I can’t believe this! Lord, why are you punishing me this way?”